0300

Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION II - CAGAYAN VALLEY
SCHOOLS DIVISION OF BATANES

March 8, 2023

**DIVISION MEMORANDUM**
No. 089 s. 2023

**TIMPALAK FLORENTINO H. HORNEDO – PAGLIKHA AT PAG-AWIT NG LAJI 2023**

To: Assistant Schools Division Superintendent
Chief Education Supervisors
Education Program Supervisors
Secondary and Elementary School Heads

1. Ang nakagawiang pagsasagawa ng TIMPALAK FLORENTINO H. HORNEDO- PAGLIKHA AT PAG-AWIT NG LAJI na pinangungunahan ng Pambansang Komite sa Wika at Salin ng Pambansang Komisyon Para sa Kultura at mga Sining, at sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon, Dibisyon ng Batanes ay muling isasagawa sa taong ito sa pamamagitan ng BERSYONG ONLAYN.

2. Narito ang takdang petsa ng mga gawain;

   a. Marso 17– pagpapadala ng video sa Division Coordinator
   b. Marso 21 – paghahanda ng mga video para sa paghuhusga
   c. Marso 23 – paghuhusga sa Division level
   d. Marso 24 – pagpapadala ng mga video sa NCCA para sa pinal na Paghuhusga

3. Ang mga nagwagi na ng pangunahing gantimpala sa mga nakaraang paligsahan (una hanggang ikatlong gantimpla) ay hindi na maaaring muling sumali.

4. Para sa **Elementarya**, magdedeklara ng una, ikalawa, at ikatlong gantimpala. Dalawampung libong piso **(Php 20,000.00)** at sertipiko ang ipagkakaloob sa unang gantimpala, labinlimang libong piso **(Php**

**15,000.00)** at sertipiko sa ikalawa, at sampung libong piso **(Php 10,000.00)** at sertipiko sa ikatlo.

5. Para sa **Sekundarya**, magdedeklara ng una, ikalawa, at ikatlong gantimpala. Tatlumpung libong piso **(Php 30,000.00)** at sertipiko ang ipagkakaloob sa unang gantimpala, dalawampung libong piso **(Php 20,000.00)** at sertipiko sa ikalawa, at sampung libong piso **(Php 10,000.00)** at sertipiko sa ikatlo.

6. Ipadala ang kopya ng nilikhang Laji sa Ivatan pati na ang salin nito sa wikang Filipino o English (Sekundarya).

7. Ang tatlong (3) Consolation prizes ay magkakamit ng Isang libong piso **(Php 1,000.00)** bawat isa para sa elementarya; at Dalawang libong piso naman **(Php 2,000.00)** bawat isa para sa sekundarya.

8. Kalakip dito ang detalyadong patakaran sa nasabing timpalak.

9. Para sa mga ipadadalang video at kopya ng awit, at sa anumang katanungan o paglilinaw, ipaabot/ipagbigay-alam kay Gng. Myrna H. Agudo – EPS-Filipino/Timpalak Laji Division Coordinator: CP# 09196987768/ myrna.agudo@deped.gov.ph

10. Ang agaran at malawakang pagpapatupad ay inaasahan.

**EDUARDO C. ESCORPISO JR. EdD, CESO V**
Schools Division Superintendent

For the Schools Division Superintendent:

**GEORGANN G. CARIASO, CESO VI**
Assistant Schools Division Superintendent

Encl: As stated
Reference: none

To be indicated in the Perpetual Index
Under the following subjects:
COMPETITION

CID/vbg/mha




R1-03-23-023
DepEd SDO - Batanes
MAR 09 2023
RELEASED
BY: TIME: 2:06

**TIMPALAK FLORENTINO H. HORNEDO 2023**
**Paglikha at Pag-awit ng Laji**
**(Bersiyong Onlayn)**

Bilang pagpupugay kay Dr. Florentino H. Hornedo (1938-2015), bantog na iskolar ng mga tradisyong pampanitikan at pangkultura ng Filipinas, sa pangkalahatan, at ng Batanes, sa tiyak na paraan, ang proyektong ito ay isang paligsahan sa paglikha at pag-awit ng laji sa lalawigan ng Batanes. May dalawang dibisyon ang paligsahan: 1) Elementarya at 2) Sekundarya.

Isahang pag-awit ng laji ang sa Dibisyon 1 Elementarya. Isang mag-aaral mula sa bawat antas ng elementarya sa lahat ng paaralan sa buong lalawigan ng Batanes ang puwedeng maging kalahok. Kukunan lamang ng video ang pag-awit na hindi lalabis sa isa at kalahating minuto (1.5 minuto). Pakitingnan ang nakalakip dito na teksto ng laji na aawitin.

Sa Dibisyon 2 Sekundarya, dalawang mag-aaral lamang mula sa bawat paaralan/klaster ng mga paaralan ang kalahok na lilikha ng orihinal na letra at aawit ng laji. Ipadadala ang nalikhang orihinal na teksto ng laji kasama ang video ng pag-awit nito, ng mismong mag-aaral na umakda, na hindi lalabis sa isa at kalahating minuto (1.5 minuto).

**MGA PATAKARAN**
**Dibisyon 1 Elementarya**
1. Isang mag-aaral sa bawat antas ng bawat paaralang elementarya sa Batanes ang inaasahang lumahok. Humigit-kumulang sa pitumpu't dalawa (72) ang inaasahang bilang ng lahok.

2. Ang piyesang gagamitin ay magmumula sa akda ni Dr. Florentino H. Hornedo (*Laji: Anu Maddaw Ka Mu Lipus, An Ivatan Folk Lyric Tradition* (University of Santo Tomas Publishing House, 1997). Ang mismong piyesang gagamitin ay ipapadalang bukod sa email sa darating na mga araw. Maaaring gumamit ang mga kalahok ng anumang tradisyonal na melodiya na babagay o aangkop sa nasabing teksto. Malaking konsiderasyon ang iuukol sa higit na awtentiko o sinaunang melodiya na sa munisipalidad lamang ng mga kalahok matatagpuan o umiiral.

3. Susukatin ang husay ng pagtatanghal ng mga awit batay sa sumusunod na pamantayan:

| | |
|---|---|
| Awtentisidad ng melodiyang ginamit | 40% |
| Entonasyon o dinámika | 30% |
| Madamdaming ekspresyon | 20% |
| Pangkalahatang bisà at/o pangganyak sa tagapakinig | 10% |
| KABUOAN | 100% |

4. Bagaman wala sa pamantayan ng paghuhusga, pinahihintulutang gumamit ang bawat kalahok ng mga kasuotan at iba pang kagamitang makatutulong sa aktuwal na pag-awit na kukunan ng video at ipadadalang nasa format na mp4.

5. Magdedeklara ng una, ikalawa, at ikatlong gantimpala. Dalawampung libong piso **(Php 20,000.00)** at sertipiko ang ipagkakaloob sa unang gantimpala, labinlimang

libong piso **(Php 15,000.00)** at sertipiko sa ikalawa, at sampung libong piso **(Php 10,000.00)** at sertipiko sa ikatlo.

**Dibisyon 2 Sekundarya**

1. Dalawang mag-aaral mula sa bawat paaralang sekundarya/klaster ng mga paaralang sekundarya ang makalalahok upang lumikha at umawit ng sariling orihinal na laji. Alinsunod sa bilang ng mga paaralang sekundarya/klaster ng mga paaralang sekundarya sa buong lalawigan ng Batanes, may labing-anim (16) na inaasahang kalahok sa kategoryang ito.

2. Ang tema ng susulating laji ay ***"Kultura ng Pagkakaisa: Pagsisiyasat ng Kultura sa Pamamagitan ng Panitikan"*** kung saan ito ay tatalakay sa pangunahing tanong na *'posible ba ang pagkakaisa?'*. Ang koordineytor na guro ang magbibigay nito sa mga napiling kalahok mula sa bawat paaralan. Bibigyan ng isang linggo ang mga kalahok para magsulat ng sarili nilang laji at makunan ng video ang sarili sa pag-awit. Ipadadala ang video na nasa format na mp4.

3. **Ipadala ang kopya ng nilikhang Laji sa Ivatan pati na ang salin nito sa wikang Filipino o English.**

4. Huhusgahan ang nasulat na letra ng laji batay sa sumusunod:

| | |
|---|---|
| Matulaing katangian (pananalinghaga, paggamit ng imahen, atbp.) | 40% |
| Husay ng wika (gramatika, kasangkapang panretorika, atbp.) | 30% |
| Orihinalidad (umaayon sa itinakdang paksa, sariwang kaisipan) | 20% |
| Pangkalahatang bisà | 10% |
| KABUOAN | 100% |

Bagaman wala sa pamantayan ng paghuhusga, pinahihintulutang gumamit ang bawat kalahok ng mga kasuotan at iba pang kagamitang makatutulong sa pagtatanghal.

Susumahin ang mga markang nakuha ng bawat kalahok sa pagkakasulat ng laji at sa aktuwal na pag-awit nito. Ang mga kalahok na may pinakamatataas na average ang kikilalaning panalo.

6. Magdedeklara ng una, ikalawa, at ikatlong gantimpala. Tatlumpung libong piso **(Php 30,000.00)** at sertipiko ang ipagkakaloob sa unang gantimpala, dalawampung libong piso **(Php 20,000.00)** at sertipiko sa ikalawa, at sampung libong piso **(Php 10,000.00)** at sertipiko sa ikatlo.

Mula sa inihanda ni
**MICHAEL M. COROZA, PhD**
Direktor, Timpalak Hornedo 2023
Punò, Pambansang Komite sa Wika at Salin ng NCCA